Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 10 NG ENERO, 2001, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ................................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 005-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01-T'2001 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 01-T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA NAGTATAKDA NG MGA BAGONG SINGIL SA PAGKUHA NG BARANGAY CLEARANCE SA NABANGGIT NA BARANGAY.*

*SAPAGKAT,* sa pagtalakay at pagsusuri ng sangguniang ito sa Kapasiyahan Blg. 01-T'2001/ Kautusang Barangay Blg. 01-T'2001 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan ay nalaman ang pagtatakda ng mga bagong singil para sa pagkuha ng barangay clearance, base sa uri ng kukunin na nakapaloob sa nabanggit na kapasiyahan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 01-T'2001 / Kautusang Barangay Blg. 01-T'2001 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na nagtatakda ng mga bagong singil sa pagkuha ng barangay clearance sa nabanggit na barangay.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Barangay Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan